

Pagsuporta sa mga nars na may edukasyon sa ibang bansa

Pebrero 13, 2023 [Mga Katanungan sa media](#)

Ang gobyerno ng Alberta ay lumilikha ng higit sa 600 na bagong luklukan para sa mga bridging program ng nars at pamumuhunan sa isang bagong bursary para sa mga internasyonal na edukadong nars.

Ang Alberta ang may pinakamahasag na front-line ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalugusugan sa mundo. Ang gobyerno ng Alberta ay magsisikap na magkaroon ng mga tamang suporta para matiyak na makukuha ng mga Albertan ang pangangalaga na kinakailangan nila, kung kailan at saan nila ito kailangan. Sa pamamagitan ng Budget 2023, Ang gobyerno ng Alberta ay mamumuhunan ng higit sa \$15 milyon upang sanayin at suportahan ang higit pang mga nars na may pinag-aralan sa ibang bansa. Titiyakin nito na mananatiling matatag ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Alberta ngayon, at sa hinaharap.

Mga bursary para sa mga nars na edukado sa ibang bansa

Sa ilalim ng badyet 2023, Ang gobyerno ng Alberta ay mamumuhunan ng \$7.8 milyon taun-taon upang pondohan ang hindi nababayaranang tulong pinansyal para sa mga nars na may edukasyong internasyonal. Bumubuo ito sa \$1.25-milyon na anunsyo ng pagpopondo noong nakaraang taglagas upang pondohan ang bagong tulong pinansyal para sa mga nars na edukado sa ibang bansa.

Ang mga karapat-dapat na mga nars na nag-aral sa ibang bansa ay makakapag-akses ng hanggang \$30,000 sa loob ng limang taon upang makatulong na mabawi

ang mga gastos sa nars bridging program, matrikula at mga pang-araw-araw na gastusin. Ang bursary ay magiging available sa akademikong taong 2023-24.

Kinakailangang kumpletuhin ng mga tatanggap ng bursary ang isang taon na serbisyo sa Narsing sa Alberta para sa bawat \$6,000 na ibinayad. Titiyakin nito na ang mga pasyente at komunidad ng Alberta ay makikinabang sa pagkakaroon ng mas maraming nars na magsisimula ng kanilang karera sa lalawigan. Ang ikatlong partido ang mangangasiwa sa programa at ibibigay ang tulong sa ngalan ng Alberta Student Aid.

Ang sinomang internasyonal na edukadong nag-aaral na nars na naninirahan sa Alberta, na matagumpay na nakapag-enrol sa isang aprubadong bridging program, ay magiging karapat-dapat para sa bursary anuman ang kanilang pagiging karapat-dapat para sa anumang iba pang tulong na pederal o panlalawigan ng mag-aaral. Ang halaga ng bawat karapat-dapat na bursary ay tutukuyin batay sa programa ng pag-aaral ng isang indibidwal, mga gastos sa pagtuturo, paglilisensya at mga bayarin sa programa, na may pinakamababang \$8,000 na igagawad.

Tinutupad nito ang isa sa mga kasunduan sa kamakailang memorandum ng pag-unawa sa pagitan ng mga pamahalaan ng Alberta at Pilipinas upang maakit ang mga nars sa Alberta at panatilihin sila sa lalawigan.

600 na bagong luklukan sa nars bridging program sa Alberta

Ang karagdagang \$7.3 milyon ay ipupuhunan sa loob ng tatlong taon upang lumikha ng higit sa 600 na bagong luklukan para sa mga rehistradong nars at lisensyadong praktikal na nars sa mga programang bridging at sa paglilisensya, simula sa akademikong taon ng 2023-24.

Ang pamumuhunan na ito ay lilikha ng 256 na bagong upuan para sa bridging program ng rehistradong nars sa Mount Royal University. Popondohan din nito ang 120 na bagong upuan sa Bow Valley College at 250 na bagong luklukan sa NorQuest College para sa kanilang mga lisensyadong praktikal nars bridging program.

Kaugnay na impormasyon

- [Albertans na nag-aaral sa ibang bansa at internasyonal na mga mag-aaral](#)
- [Pagbuo ng mga Kasanayan para sa mga Trabaho](#)
- [Planong Aksyon sa pangangalaga sa Kalusugan](#)

Multimedia

- [Panoorin ang pulong balitaan](#)